

Marso 9, 2021

Mahalagang Abiso mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad tungkol sa

## **Pakikipag-ugnay sa mga Konsumidor na 16-64 na Taong Gulang Tungkol sa Pagiging Karapat-dapat sa Bakuna Laban sa COVID-19**

---

### **Ang Dapat Malaman**

Para sa mga indibidwal na 16-64 na taong gulang, makikipag-ugnay ang inyong rehiyonal na sentro sa inyo at/ o sa mga taong sumusuporta sa inyo upang tulungan kayong makapagpabakuna laban sa COVID-19 sa lalong madaling panahon.

### **Ano ang Magbabago**

Upang matulungang maprotektahan ang mga indibidwal na 16-64 na taong gulang na hindi pa nababakunahan, makikipag-ugnay ang mga rehiyonal na sentro sa kanila at/ o sa mga taong sumusuporta sa kanila upang:

- Magbigay ng impormasyon tungkol sa kung paano magpa-iskedyul ng appointment at saan makukuha ang bakuna
- Magbigay ng mga opsyon para sa tulong na makakuha ng bakuna
- Pag-usapan ang kaligtasan ng bakuna at magbigay ng impormasyon tulad ng kung ano ang nasa [Mga Madalas Itanong](#) ng DDS



- Pag-usapan ang isang sulat mula sa iyong rehiyonal na sentro na nagpapakita na ikaw ay karapat-dapat para sa bakuna
- Ipaalala sa iyo na dalhin ang sulat kapag ikaw ay magpapabakuna

Pakitandaan na hindi dahil karapat-dapat kang makakuha ng bakuna, ay nangangahulugan na ito ay makukuha mo kaagad. May limitadong supply ng mga bakuna sa ngayon.

## May mga Tanong?

Mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na rehiyonal na sentro. Kung hindi ka nila matulungan, magpadala ng email sa [DDSC19@dds.ca.gov](mailto:DDSC19@dds.ca.gov).

## Alamin nang Higit Pa

Mababasa mo [ang buong Direktiba ng DDS sa Pakikipag-ugnay sa mga Konsumidor na 16-64 na Taong Gulang Tungkol sa Pagiging Karapat-dapat sa Bakuna Laban sa COVID-19](#)

[DDSC19@dds.ca.gov](mailto:DDSC19@dds.ca.gov)

[www.dds.ca.gov/corona-virus-information-and-resources/](http://www.dds.ca.gov/corona-virus-information-and-resources/)

